

MADALAS ITANONG

Ano ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado?

Upang maging kwalipikado para sa Programang Mababang Gastos sa Insurance sa Sasakyan (Low Cost Auto Insurance Program) ng California, o CLCA, ang mga mamimili ay dapat na:

- Magkaroon ng valid na lisensya sa pagmamaneho (driver's license) ng California
- Magmay-ari ng sasakyan na nagkakahalaga ng \$25,000 o mas mababa
- Matugunan ang mga alituntunin sa pagiging kwalipikado sa kita
- Maging hindi bababa sa 16 taong gulang *Ang mga aplikanteng wala pang 18 taong gulang ay dapat legal na pinalaya
- Magkaroon ng Magandang Rekord sa Pagmamaneho

Kailangan ko bang patunayan ang aking kita para makapag-apply?

Oo. Tatanggapin ng programa ang alinman sa mga sumusunod na dokumento bilang patunay ng kita ng sambahayan:

Programa	Kinakailangang Dokumento
CalFresh (mga selyong pang-pagkain)	Elektronikong Paglipat ng Benepisyo (Electronic Benefit Transfer, EBT) na card
CalWorks (kabutihan)	Sulat ng abiso
California LifeLine	Isang pag-verify ng Lifeline na kumpanya ng utility
LIHEAP (tulong sa enerhiya sa bahay na may mababa ang kita)	Beripikasyon ng LIHEAP (tulong sa enerhiya sa may mababa ang kita)
Medi-Cal / Medicaid	Medi-Cal card
Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Trabaho sa Estado ng California (State of California Employment Development Department, EDD) Debit Card o mga sulat ng benepisyo	EDD debit card o liham ng benepisyo
SSI (may edad, bulag, may kapansanan)	Beripikasyon ng SSI
Social Security o Pensiyon	Social Security o sulat ng pensiyon
Antas ng Kita *	<ul style="list-style-type: none">• pagbabalik ng buwis sa kita ng estado o pederal• W-2 Form• 1099 Form• payroll stub

Anong saklaw ang ibinibigay ng patakaran sa insurance ng Mababang Gastos sa Insurance sa Sasakyan ng California?

Ang programa ay nagbibigay ng abot-kaya, pananagutan lamang na insurance sa sasakyan na nakakatugon sa mga batas ng pananagutan sa pananalapi ng estado.

Ang mga limitasyon ng Pangunahing Patakaran sa Pananagutan (Basic Liability Policy) ay:

- \$10,000 pinsala sa katawan o kamatayan bawat tao
- \$20,000 pinsala sa katawan o kamatayan bawat aksidente
- \$3,000 pananagutan sa pinsala sa ari-arian bawat aksidente

Para sa dagdag na singil na \$37-\$107 bawat taon, maaaring idagdag ng mga konsumidor ang:

- \$1,000 na bayad sa medikal bawat tao
- \$10,000 walang insurance na pinsala sa katawan ng motorista bawat tao
- \$20,000 walang insurance na pinsala sa katawan ng motorista sa bawat aksidente

Ang programa ay hindi nag-aalok ng komprehensibo o pagsaklaw sa banggaan (saklaw na aayusin ang sariling sasakyan ng driver pagkatapos ng aksidente)

Ano ang mga gastos para sa isang patakaran ng CLCA?

Ang taunang mga premium sa California ay nag-iiba ayon sa county, mula sa \$232 - \$932. May mga diskwento kung ang konsumidor ay naging lisensiyadong driver sa loob ng 3 taon na may magandang rekord sa pagmamaneho.

Ang isang magandang rekord sa pagmamaneho ay tinutukoy bilang:

- Hindi hihigit sa isang kasalanan na pinsala sa ari-arian lamang na aksidente o hindi hihigit sa isang punto para sa isang kumikilos na paglabag sa loob ng nakaraang tatlong taon
- Walang mga aksidenteng kasalanan na kinasasangkutan ng pinsala sa katawan o kamatayan sa rekord ng pagmamaneho sa loob ng nakaraang tatlong taon
- Walang napatunayang mabigat na kasalanan o masamang asal para sa isang paglabag sa Code ng Sasakyan sa isang rekord sa pagmamaneho ng sasakyang de-motor

Para suriin ang mga rate ayon sa county o kalkulahin ang iskediyul ng pagbabayad*, i-click [dito](#) upang i-access ang calculator ng rate.

*Nag-aalok ang CLCA ng dalawang opsyon sa pagbabayad:

- Buong bayad **O**
- 20% down na may 7 hulugang pagbabayad (Para sa bawat hulugan na bayad, magkakaroon ng \$4.00 na bayad sa transaksyon.)

Paano ka mag-a-apply para sa programa?

Para mag-apply para sa Mababang Gastos sa Insurance sa Sasakyan ng California, sundin ang 2 hakbang na ito:

1. Kumpletuhin ang kuwestyonaryo sa [pagiging kwalipikado](#),
2. Pagkatapos ay kumpletuhin ang proseso ng aplikasyon
 - o Ngayon 100% online
 - o O makipagkita sa isang lokal na ahente nang walang bayad

Pakibisita ang mylowcostauto.com at i-click ang [Magsimula](#) na button.

Kung wala kang access sa internet o kailangan mo ng karagdagang tulong, pakitawagan ang 1-866-602-8861.

Paano ako mag-a-apply online?

Para mag-apply online, bisitahin ang mylowcostauto.com at i-click ang ['Magsimula'](#) upang kumuha ng maikling kuwestyonaryo sa pagiging kwalipikado. Kung itinuring na kwalipikado, ilagay ang ZIP code mo, pagkatapos ay i-click sa Mag-apply Online.

Ano ang mga parusa sa hindi pagkakaroon ng insurance sa sasakyan?

Kung ikaw ay nabanggit na walang insurance sa sasakyan sa oras ng isang kumikilos na paglabag o aksidente, may mga parusa na kinabibilangan ng mga multa at posibleng pagsususpende sa rehistro ng sasakyan.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa mga parusa para sa hindi pagkakaroon ng insurance sa sasakyan, i-click dito para ma-access ang [website ng California DMV](#).

Ilang sasakyan ang puwedeng nasa patakaran ng CLCA?

Ang bawat kwalipikadong konsumidor ay pinapayagan hanggang sa dalawang patakaran sa Mababang Gastos sa ilalim ng mga alituntunin ng programa. Sa katunayan, ang lahat ng sasakyan* na nakarehistro sa iyo bilang aplikante, na may maximum na 2, ay dapat na nakatala sa CLCA.

* Ang mga motorsiklo at komersyal na sasakyan ay hindi kasama.

Bakit lahat ng sasakyan ko ay kailangang maitala sa CLCA?

Ang programa ay kinakailangan na ang lahat ng mga sasakyan na nakarehistro sa aplikante ay naka-insurance sa programa. Samakatuwid, para maging kwalipikado para sa isang sasakyan sa programa, ang mga konsumidor ay maaaring walang saklaw ng pananagutan sa pamamagitan ng anumang iba pang patakaran para sa iba pang mga sasakyan.

Maaari ba akong makakuha ng saklaw sa pamamagitan ng isang patakaran ng CLCA kung mayroon akong utang para sa sasakyan?

Oo, ngunit dapat mong suriin sa nagpapahiram sa iyo upang matukoy kung ang mga limitasyon sa saklaw na ibinigay ng programa ay makakatugon sa mga kinakailangan ng iyong utang.

Mayroon akong Patakaran ng Insurance sa May Mababang Kita. Paano ako makikipag-ugnayan sa kompanya ng insurance ko o magbabayad?

CONTACT NG TAGAPAGHATID AT IMPORMASYON SA PAGBABAYAD

Ahensya ng Insurance ng CAARP (ang mga patakaran ay nagsisimula sa AAP)

Serbisyo sa Kustomer: **888-922-4776** -Email: CALC@aipso.com

Mga Elektronikong Pagbabayad: <https://www.aipso.com/CALCPayments>

Mga Pagbabayad gamit ang Koreo

Gawing mababayaran ang tseke sa CAARP at ipadala sa koreo:

CAARP

PO Box 6530

Providence, RI 02940-6530

Integon National Insurance Company (ang mga patakaran ay nagsisimula sa IMPLC)

Serbisyo sa Kustomer: **800-632-3306**- Email: UNDNYBP@NGIC.COM

Mga Elektronikong Pagbabayad: <https://www.acipayonline.com>

Piliin ang: Lokal

Estado o Teritoryo -California

Entidad ng Pagbabayad -Integon National Insurance Company

Uri ng Pagbabayad - Mga account na nagsisimula sa IMPLC

Pagbabayad gamit ang Telepono -800-487-4567 opsyon 4

Mga Pagbabayad gamit ang Koreo

Gawing mababayaran ang mga tseke sa Integon National Insurance Company at i-mail sa:

Integon National Insurance Company

PO Box 9048

Bethpage, NY 11714

21st Century Centennial Insurance Company (ang mga patakaran ay nagsisimula sa CAR)

Serbisyo sa Kustomer: **800-531-5981**-Email: FAR@farmersinsurance.com

Pagbabayad gamit ang Telepono-**800-531-5981**

Mga Pagbabayad gamit ang Koreo

Gawing mababayaran ang mga tseke sa 21st Century Ins. At i-mail sa:

21st Century Insurance

Auto Ins. Plan Payment Center

P.O. Box 7247-0243

Philadelphia, PA 19170-0243